Miracles ✦

LET HIM BE KNOWN

# Pagpapakain sa 5,000 na mga Tao

WEEK 4

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong kainin pagkatapos ng isang nakakapagod na araw?
- Magkwento ng isang pagkakataong gutom na gutom ka at kumain ka ng pagkaing hindi mo karaniwang kinakain.
- Magkwento ng pagkakataong nahirapan kang maghanap ng makakain. Ano ang nangyari? Ano ang ginawa mo?

## WORD

*11 Kinuha ni Jesus ang tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, ipinamahagi ito sa mga tao. Ganoon din ang ginawa niya sa isda, at nabusog ang lahat. . . . 35 Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako ang tinapay na nagbibigay-buhay. Ang sinumang lumalapit at sumasampalataya sa akin ay hindi na magugutom o mauuhaw kailanman."* **JUAN 6:11, 35**

(Basahin din ang **JUAN 6:5–14.**)

Sa gitna ng Kanyang ministeryo, napakaraming taong sumusunod kay Jesus dahil nagpapagaling Siya ng mga maysakit. Nang makita ni Jesus na matagal-tagal na ring hindi nakakain ang karamihan ng mga taong nakasunod sa Kanya, tinugunan Niya ang kanilang pangangailangan at mahimala Niyang pinakain ang 5,000 na mga kalalakihan, kasama na rin ang mga babae at mga batang nandoon. Paano ipinakita ng himalang ito kung sino si Jesus? Tingnan natin kung paano tinutugunan ni Jesus ang pisikal at ang mga pinakamahahalaga nating pangangailangan.

## 1 Nakita ni Jesus na gutom ang mga tao.

*Nang tumingin si Jesus, nakita niya ang napakaraming taong papalapit sa kanya. Tinanong niya si Felipe, "Saan tayo makakabili ng pagkain para pakainin ang mga taong ito?"* **JUAN 6:5**

Alam na ni Jesus na kailangang kumain ng mga tao kahit wala pa sa kanilang nagsasalita o nagrereklamo. Nanguna Siya at tinanong Niya ang Kanyang disipulong si Felipe kung saan sila makakabili ng tinapay para sa mga taong naroon. Natagpuan ni Andres, isa sa Kanyang mga disipulo, ang isang batang may dalang limang tinapay at dalawang isda, subalit hindi pa rin ito sapat para mapakain ang lahat. Tinanggap ni Jesus ang pagkain na sasapat lamang sa iilan at ginamit Niya ito upang pakainin ang lahat. Ano ang sinasabi ng mga kilos na ito tungkol kay Jesus?

## 2 Mahimalang pinakain ni Jesus ang 5,000 na mga tao.

*11 Kinuha ni Jesus ang tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, ipinamahagi ito sa mga tao. Ganoon din ang ginawa niya sa isda, at nabusog ang lahat. 12 Pagkakain nila, sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, "Tipunin n'yo ang lahat ng natira para walang masayang." 13 Tinipon nga nila ang natira mula sa limang tinapay na ipinakain sa mga tao at nakapuno sila ng 12 basket.* **JUAN 6:11–13**

Pinaupo ni Jesus ang mga tao, pinasalamatan ang Diyos, at mahimalang pinarami ang limang tinapay at dalawang isda hanggang sa makakain at mabusog ang lahat ng tao. Higit pa rito, napakaraming natira na labindalawang basket pa ang puno ng tinapay. Ano ang ipinapakita ng kasaganahang ito tungkol sa pagkakaloob ni Jesus?

## 3 Kinilala ng mga tao si Jesus bilang ang Propeta.

*Nang makita ng mga tao ang himalang ginawa ni Jesus, sinabi nila, "Siguradong ito na nga ang propetang hinihintay nating darating dito sa mundo!"* **JUAN 6:14**

Sa simula pa lang, ipinangako na ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan na magpapadala Siya sa kanila ng propeta na tulad ni Moises para pakikinggan nila (Deuteronomio 18:15). Ang mahimalang pagpapakain ni Jesus sa mga tao ang nakakumbinsi sa kanila na si Jesus ay hindi ordinaryong tao, at malamang ay Siya na ang propetang ipinangako na ipapadala ng Diyos. Sa tingin mo, ano ang bahagi ng himalang ito ang nakakumbinsi sa mga tao? (Tingnan ang Exodus 16:15).

Ang ikaapat na tanda ay malinaw na nagpapakita na alam na ni Jesus ang ating mga pangangailangan bago pa man natin ito sabihin, nagmamalasakit Siya sa atin, at masagana Niyang tinutugon ang ating mga pangangailangan. Tulad ni Moises, ginampanan ni Jesus ang tungkulin ng isang propetang isinugo ng Diyos at nagbigay ng tinapay mula sa langit—na ayon sa natuklasan natin sa iba pang bahagi ng Juan 6, ang tinapay na ito ay tumutukoy sa Kanyang sariling katawan. Ang lahat ng makikibahagi sa Kanya ay makatatanggap at makararanas ng buhay na walang hanggan.

## APPLICATION

- Pagkatapos basahin ang himalang ito, ano sa tingin mo ang sinasabi nito tungkol kay Jesus sa buhay mo?
- Nakikita mo ba si Jesus bilang isang tagapangalaga at tagapagkaloob ng pang-araw-araw mong pangangailangan? Ano ang magagawa mo ngayong linggo para palalimin ang iyong pagkakakilala kay Jesus?
- May mga kakilala ka bang kailangang makarinig ng himalang ito at kung paano inaalala ni Jesus ang ating pang-araw-araw na pangangailangan? Paano mo ito maibabahagi sa kanila ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus dahil alam Niya ang ating pangangailangan at ipinagkakaloob Niya ito sa atin bago pa man natin ito hingin.
- Ipanalangin na lagi kang maging sensitibo sa pagkilos ni Jesus sa buhay mo upang maipagkaloob ang pang-araw-araw nating pangangailangan.
- Humingi ng biyaya upang maibahagi mo ang pagmamahal, pag-aaruga, at pagkakaloob ni Jesus sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Esther Suson

victory.org.ph